REPRESENTATIVE FOR
CHILDREN AND YOUTH
Kinatawan para sa Mga Bata at Kabataan

# PAGREREPASO AT PAG-IIMBESTIGA
## FACT SHEET

## LAYUNIN

Imbestigahan ang mga pagkamatay at pinsala sa mga bata at kabataang tumatanggap ng mga serbisyo ng gobyerno upang matiyak na natututo tayo mula sa mga insidenteng ito.

## Ano ang trabaho ng RCY?

- Kapag ang isang bata o kabataan na tumatanggap ng mga serbisyo mula sa Ministry of Children and Family Development (MCFD) ay namatay o malubhang napinsala, nirerepaso, iniimbestigahan, at gumagawa ng mga rekomendasyon ang Representative for Children and Youth (RCY) upang mapabuti ang mga serbisyo para maiwasan ang mga parehong pinsala o pagkamatay sa hinaharap.

## Paano isinasangguni sa amin ang mga malubhang pinsala at mga pagkamatay?

- Ang mga insidenteng may kinalaman sa mga bata at kabataan na tumatanggap ng mga serbisyo sa MCFD ay kusang iniuulat sa RCY.
- Ang mga pinsala at pagkamatay ng mga bata at kabataan ay maaari ding isangguni sa RCY ng all-party Select Standing Committee on Children and Youth ng B.C. Legislature.
- Regular na pinaghahambing ng RCY ang bilang ng mga pinsala at pagkamatay sa MCFD at iba pang mga agency tulad ng BC Coroners Service upang matiyak na kumpleto ang aming datos.

## Paano kami nagrerepaso at nag-iimbestiga?

- Ang mga pagrepaso at pag-imbestiga ay maaaring gawin sa iba't ibang paraan. Maaring gawin ng RCY ang sumusunod:
  - *Repasuhin ang impormasyon tungkol sa ilang mga pinsala o pagkamatay na may parehong mga katangian upang malaman ang trends*
  - *Repasuhin ang lahat ng mga dokumentong nauukol sa isang partikular na pinsala o pagkamatay*
  - *Magsagawa ng isang full-scale na imbestigasyon sa isang kaso ng pagkamatay o pinsala, kabilang ang pag-interview sa mga witness.*
- Ang RCY ay may legal na kapangyarihan upang humingi ng ebidensya, kung kinakailangan.
- Ang mga pagrepaso at pag-imbestiga ng RCY ay 'di-dapat makahadlang sa progreso ng iba pang mga isinasagawang proseso tulad ng imbestigasyon ng pulis, pagrepaso ng MCFD, paglilitis sa kriminal na hustisya at inquests.

## Sino ang nagsasagawa ng mga pagrerepaso at pag-iimbestiga?

- Ang RCY investigators ang nagrerepaso sa mga malubhang pinsala at pagkamatay.
- Sinusuportahan ng isang multidisciplinary team ng mga dalubhasa ang Office sa pagsusuri ng impormasyon, at nagpupulong sila para repasuhin ang ebidensya mula sa kapwa mga indibidwal na kaso at mga grupo ng magkakatulad na kaso.
- Kasama sa team ang: mga kinatawan mula sa MCFD at BC Coroners Service at mga dalubhasa sa public health, medisina, pathology, Aboriginal issues, pulis, paaralan, at sa sistemang naglilingkod sa bata.

## Paano kami nag-uulat?

- Iniuulat ng Representative ang mga resulta ng mga pagrepaso at imbestigasyon sa all-party Select Standing Committee on Children and Youth ng B.C. Legislature.
- Ang mga resulta ng mga pagrepaso at imbestigasyon ay inilalabas din sa publiko.


Head Office
Suite 400, 1019 Wharf Street
Victoria, B.C.
V8W 2Y9
Head Office: 250-356-6710

Toll-free: 1-800-476-3933
Text: 1-778-404-7161
Fax: 250-356-0837
Email: rcy@rcybc.ca
Website: www.rcybc.ca

rcybc
rcybcyouth
@rcybc
@rcybcyouth
rcybcyouth



Background art: Disenyo ni Jordan Williams
Reviewing Fact Sheet [Filipino]